# EDMONTON PUBLIC SCHOOLS

BOARD OF TRUSTEES
WARD A Sherri O'Keefe
WARD B Marsha Nelson
WARD C Marcia Hole
WARD D Trisha Estabrooks
WARD E Dawn Hancock
WARD F Julie Kusiek
WARD G Saadiq Sumar
WARD H *vacant*
WARD I Jan Sawyer

SUPERINTENDENT OF SCHOOLS
Darrel Robertson

Centre for Education
1 Kingsway NW
Edmonton AB T5H 4G9

T 780-429-8000
F 780-429-8318
E info@epsb.ca

Hunyo 7, 2023

Minamahal na mga pamilya, magulang at tagapag-alaga,

Noong fall ng 2022, nagsagawa ng survey sa demograpiko ang Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton para malaman pa ang tungkol sa mga mag-aaral na pinaglilingkuran namin. Ang mga mag-aaral sa Baitang 4 hanggang 12 ay nagkaroon ng pagkakataong magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang mga sarili. Tinugunan ng mga tanong sa survey ang mga sumusunod:

- pagkakakilanlan ng katutubo
- pagkakakilanlan ng lahi
- etnisidad
- panrelihiyon o isipirituwal na kinabibilangan
- kinikilalang kasarian
- sekswal na oryentasyon (Baitang 7 hanggang 12 lang)

Ganap na boluntaryo ang paglahok sa survey. Ang mga magulang na ayaw palahukin ang kanilang anak ay maaaring piliing hindi isali ang kanilang anak. Ang mga mag-aaral na lumahok sa survey ay sumagot lang sa mga tanong na kumportable silang sagutin.

**Salamat!**
Mahigit sa 55,800 mag-aaral ang nagsagot ng survey, na 73 porsyento ng bilang ng pagsagot. Gusto kong pasalamatan ang mga mag-aaral na naglaan ng oras para kumpletuhin ang survey. Lubos kaming natutuwa para sa kanilang pagpayag na magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang mga sarili. Ipinagmamalaki namin na ang mga mag-aaral sa aming mga paaralan ay may iba't ibang mga pinagmulan, kultura, komunidad at mga karanasan.

**Mga resulta ng survey**
Makikita na sa online ang inisyal na mga resulta ng survey, kasama ng na-update na impormasyon at bagong video. Hinihikayat ko kayong bisitahin ang aming website para basahin ang ulat at alamin pa ang tungkol sa aming susunod na mga hakbang sa gawain na ito.

**Magmula ngayon**
Nakatuon ang Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton sa intensyonal na pagsusumikap tungo sa anti-racism, pagkakasundo at pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng patuloy na aksyon, pag-aaral at paghusay. Sa mga darating na taon, ang mga resulta ng survey ay isasama sa iba pang impormasyon ng mag-aaral para mas maunawaan ang karanasan nila sa paaralan at kung saan makakakilos ang Division para mabawasan ang mga hadlang. Sa pamamagitan ng gawaing ito ang aming intensyon ay gumawa ng mga aksyon na magreresulta sa kinabukasan kung saan ipagmamalaki ng lahat ng mag-aaral kung sino sila, mararamdaman na kabilang sila at makakaranas ng tagumpay sa paaralan.

Taos-puso,

Darrel Robertson
Superintendent ng mga Paaralan